# Tumawag sa amin

**Ang Tanggapan ng Impormasyon ng Medicare ng Alaska** ay sumasagot sa inyong mga tanong tungkol sa lahat ng aspekto ng Medicare.

**Sa Alaska: 800-478-6065**
**Sa Anchorage: 907-269-3680**

**Tumawag sa amin anumang oras.** Kung hindi namin masagot agad ang inyong tawag, mag-iwan ng mensahe at tatawagan naman namin kayo muli. Maging ang kawani sa tanggapan ng Anchorage ay tutulong sa inyo, o maaaring may tagapayo sa inyong komunidad na maaaring personal na makatulong sa inyo.

## BOLUNTARYO

**Makakatulong ba kayo sa anumang mga araw ng Lunes-Biyernes?**

**Interesado ba kayong makatulong sa inyong kapwa taga-Alaska?**

**Ang Tanggapan ng Impormasyon ng Medicare ay maaaring magsanay sa inyo upang makatulong sa mga tao:**

- **Makahanap ng pinakamagandang mga planong pang Medicare**
- **Maintindihan ang mga pahayag ng pagkakautang**
- **Protektahan ang mga benepisyo ng Medicare sa pamamagitan ng pag-iwas sa panloloko, pag-aaksaya at pag-aabuso**

# Tulong sa mga gastos

Maaari kayong maging karapat-dapat sa mga programa na makakatulong sa inyo para bayaran ang mga reseta at mga buwanang hulog sa Bahaging B. Para sa mga taong limitado ang mga kinikita, maaaring bayaran ng Medicare hanggang 75 porsiyento ng mga gastos sa paggamot.

Walang mawawala kung humingi- tumawag sa amin at tutulungan namin kayong magprisinta o pumunta online sa:

**www.alaska.benefitscheckup.org**

**Ang aming mga serbisyo ay libre.**
**Ang mga donasyon ay malugod na tinatanggap**
**sa Anchorage Senior Activity Center para sa lugar ng Pagpapayo ng Medicare.**

**Tanggapan ng Impormasyon ng Medicare**

**1-800-478-6065** in Alaska
**907-269-3680** in Anchorage

State of Alaska
Department of Health
Senior and Disabilities Services
Anchorage, Alaska

www.medicare.alaska.gov


**Medicare.gov**

Ang opisyal na lugar sa online ng pamahalaan ng U.S. para sa Medicare:

- alamin ang mga benepisyong sakop ng Medicare
- kumuha ng pinakabagong hanbuk na ***Medicare & You***
- humanap ng mga dosenang Medicare-tiyak na mga publikasyon
- ihambing ang mga planong pang-gamot at mga planong kalusugan
- humanap ng Medicare-aprobadong mga doktor at mga tagapagtustos ... at mas marami pa.

04/12/2022

# MEDICARE



*Kayo ba ay nasa gulang na 63? 64? 65?*

*Maging handa para sa*

# Medicare

**Mga batayan para sa Alaska baby boomers o mga taong may kapansanan na nasa paseguruhang panlipunan**

Medicare Information Office

SHIP — State Health Insurance Assistance Program — Navigating Medicare

SMP — Senior Medicare Patrol — Preventing Medicare Fraud

**www.medicare.alaska.gov**

# Ano ang Medicare?

Ang Medicare ay isang pansiguro sa kalusugan para sa mga taong may gulang na 65 at mas matanda, bata pa sa 65 na gulang na may mga kapansanan, o anumang gulang na may pangwakas na yugto sa pagkakasakit sa bato o Lou Gehrig's disease.

## Ang Medicare ay may ilang mga bahagi:

**Bahaging A** (Pansigurong Ospital) binabayaran ang mga pananatili sa ospital, ilang pag-aalaga sa mga bihasang pangangalaga na mga pasilidad, ilang pangangalaga sa bahay at hospisyo.

**Bahaging B** (Pansigurong Medikal) binabayaran ang mga kinakailangang serbisyong pang-medikal gaya ng mga bisita sa mga doktor, mga serbisyo para maiwasan ang sakit, at kagamitan na pang-medikal.

**Bahaging C** (Bentahe ng Medicare) bayad-para-sa-serbisyo, HMO/PPOs nagbabayad para sa Bahaging A, B at D.

**Bahaging D** (Planong Medicare para sa Resetang Gamot) binabayaran ang mga sakop na reseta sa gamot sa lahat ng may Medicare.

**Pansigurong Suplemento ng Medicare** (Medigap) ay isang pribadong pansiguro na may mga patakaran na tumutulong sa pagbabayad sa ilang mga gastos sa serbisyong Bahaging A at B matapos mabayaran ng Medicare.



# Kailan magpapalista?

## Inisyal na Panahon ng Pagpapalista (IEP)

**Mga Bahaging A & B & D:** Kapag kayo ay 65 na, may pitong-buwan kayong inisyal na panahon ng pagpapalista: ang tatlong buwan bago buwan ng inyong kaarawan, buwan ng inyong kaarawan, at tatlong buwan makalipas (hindi lahat kailangan ang bahagi D).

## Espesyal na Panahon ng Pagpapalista (SEP)

Kung kayo o ang inyong asawa ay nagtatrabaho lampas sa 65 na gulang at may pansiguro mula sa trabahong iyan, maaari ninyong ipagpaliban ang pagpapalista sa bahagi A at/o B. Maaari kayong magpalista habang nagtatrabaho o habang nasa panahon ng 8-buwan na nagsisimula matapos ang buwan ng trabaho o matapos ang grupong plano ng kalusugan, alinman ang mauna.

## Pangkalahatang Panahon ng Pagpapalista (GEP)

Kung kayo ay pumalya sa inyong inisyal na panahon ng pagpapalista at walang espesyal na panahon ng pagpapalista, ang inyong susunod na pagkakataon na magpalista sa Bahaging A & B ng Medicare ay sa pagitan ng Enero 1-Marso 31. ***(Maaari kang pagmultahin para sa late enrollment.)***

### Kailangan ko bang magpalista sa Medicare?

Karamihan sa mga plano ng retirado gaya ng TRICARE for Life o AlaskaCare ay nangangailangan ng pagpapalista sa Medicare A & B sa gulang na 65 sa dahilang ang Medicare ay nagiging pangunahing tagapagbayad.

Ang mga pederal na retirado, mga beterano at mga tribong benepisyaryo ay maaaring may mga pagpipilian. I-tsek ang inyong librito ng mga benepisyo o tanggapan.

# Paano magpalista?

## Mga Bahaging A & B ng Medicare, magprisinta sa Paseguruhang Panlipunan

- **online sa www.ssa.gov**

*O*

- **sa pambansang linya ng telepono**

Makipag-usap sa isang kinatawan ng Paseguruhang Panlipunan

**8 n.u - 7 n.g.** Lunes hanggang Biyernes.

**800-772-1213** libreng tawag
Gumagamit ng TTY tumawag sa 800-325-0778

*O*

- **sa inyong lokal na tanggapan:**

**Tanggapan ng Paseguruhang Panlipunan ng Anchorage** 866-772-3081 libreng tawag

**Tanggapan ng Paseguruhang Panlipunan ng Fairbanks** 800-478-0391 libreng tawag

**Tanggapan ng Paseguruhang Panlipunan ng Juneau** 800-478-7124 libreng tawag

## Bahaging D ng Medicare o ibang mga plano

Makakatulong kami sa inyo na mahanap ang pinakamurang magbabayad ng reseta ng gamot.

**Tumawag sa amin! 907-269-3680** or **800-478-6065**

O gamitin ang kasangkapan sa paghahambing ng plano sa gamot sa **www.medicare.gov/plan-compare**

Kakailanganin ninyo ang pula, puti, at asul na kard at listahan ng inyong mga paggamot na may dosis at dami.